

Masakop:

Mga bagay na dapat malaman tungkol sa Health Insurance Marketplace®

Ano ang Marketplace? Ang Health Insurance Marketplace ay tumutulong sa iyo at sa iyong pamilya na mahanap at mag-enroll sa health coverage na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan at badyet. Kapag nagsumite ka ng aplikasyon sa Marketplace, sasabihin namin sa iyo kung kwalipikado ka para sa:

- **Mga pribadong insurance plan.** Ang mga insurance plan na inaalok sa pamamagitan ng Marketplace ay pinapatakbo ng mga pribadong kumpanya.
- **Medicaid o ang Children's Health Insurance Program (CHIP).** Ang mga programang ito ng estado ay nagbibigay ng libre o murang saklaw sa kalusugan sa ilang mga taong mababa ang kita, mga pamilya at mga bata, mga buntis na kababaihan, mga matatanda, at mga taong may mga kapansanan. Sa ilang mga estado, sinasaklaw din ng mga programa ang iba pang mga nasa hustong gulang. Kung mukhang kwalipikado ka, ligtas naming ibabahagi ang iyong impormasyon sa iyong ahensya ng estado, at makikipag-ugnayan sila sa iyo.
- **Tulong sa pagbabayad para sa mga gastos gamit ang:**
 - Ang premium tax credit para mapababa ang iyong buwanang premium.
 - Mga karagdagang pagtitipid para makatulong sa mga gastos na mula sa bulsa tulad ng mga deductible, copayment, at coinsurance.

Paano ako makakakuha ng coverage? Ginagamit ng ilang estado ang Marketplace na pinapatakbo ng pederal na pamahalaan. Ang iba ay nagpapatakbo ng kanilang sariling

mga Marketplace. Saan ka man nakatira, mahahanap mo ang iyong mga susunod na hakbang sa [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov).

Maaari ba akong magkaroon ng Marketplace plan habang mayroon ding iba pang coverage? Sa pangkalahatan, kung mayroon kang iba pang saklaw gaya ng Medicaid o CHIP, o saklaw na batay sa trabaho, hindi ka magiging kwalipikado para sa pagtitipid upang makatulong na magbayad para sa isang plano sa Marketplace. Maaari kang magkaroon ng Marketplace plan, ngunit babayaran mo ang buong presyo.

Ang Open Enrollment ay Nobyembre 1-Enero 15

Sa labas ng mga petsang ito, kakailanganin mong maging kwalipikado para sa Espesyal na Panahon ng Pagpapa-enroll batay sa ilang partikular na pagbabago sa buhay, tulad ng pagkawala ng coverage sa kalusugan, paglipat, pagpapakasal, pagkakaroon ng sanggol, o pag-ampon ng isang bata. Maaari kang mag-apply para sa Medicaid o CHIP anumang oras.

Paano ako matututo ng higit pa?

Upang matuto nang higit pa tungkol sa saklaw sa pamamagitan ng Marketplace o sa iyong mga benepisyo at proteksyon, bisitahin ang [HealthCare.gov](https://www.healthcare.gov) o tawagan ang Marketplace Call Center sa 1-800-318-2596. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-855-889-4325.

